# TIGDAS

## *Epidemyang Walang Humpay*



### Ano ang tigdas?

Ang tigdas ay isang *viral disease* na lubhang nakakahawa. Ang isang taong may tigdas ay maaaring makahawa sa labindalawa hanggang labing-walong tao. Karamihan sa naapektuhan nito ay mga bata, pero maiiwasan naman ito sa pamamagitan ng bakuna. Ang karamihan sa mga bata ay magkakaroon ng di kumplikadong karanasan ng tigdas. Mga 10% hanggang 40% ay makararanas ng mga kumplikasyong tulad ng impeksyon sa tainga, pulmonya, at iba pang *respiratory infections*.


### Paano nakahahawa ang tigdas?

Ang tigdas ay *airborne*, o dinadala ng hangin. Ang mga mahihirap na bansa ang mga pinaka-nanganganib mula sa sakit na ito, lalo na ang mga bata. Kapag sinabayan pa ito ng malnutrisyon o malaria, talagang matindi ang epekto nito.



### Nakamamatay ba ang tigdas?

Ang tigdas ay maaaring maging napakalubha, at puwede pa ngang nakamamatay para sa mga batang wala pang limang taong gulang, lalo na iyong mga nakatira sa masisikip na tirahan, mga *malnourished,* o mga nagpositibo sa HIV. Posible pa ring magkaroon ng *encephalitis*, o pamamaga ng utak, ang isa sa kada isang libong kaso. Sa mga mahihirap na bansa, ang mga namamatay dahil sa tigdas ay mula tatlo hanggang anim na porsiyento, pero maaari itong umabot hanggang 30%.



### Paano iiwasan at gagamutin ang tigdas?

Walang partikular na gamot para sa tigdas. *Paracetamol* ang binibigay para sa sakit ng ulo, *ointment* para sa mga impeksyon sa mata. Ang *antibiotics* ay kailangan lang pag mayroong *secondary bacterial infection* tulad ng pulmonya, o impeksiyon sa tenga. Ang mahalaga ay ang pagpigil ng mga posibleng kumplikasyon, at sa pagbibigay-lunas sa mga sintomas nito.

Ang pinakamahusay na sandata laban sa tigdas ay bakuna. Karamihan ng bata ay binibigyan ng MMR *vaccine*, ang bakuna laban sa tigdas, beke, at tigdas-hangin o *rubella*. Inirerekomenda na ang lahat ng bata ay makatanggap ng dalawang dosis ng bakunang MMR. Ang isang taong gumaling mula sa tigdas ay nagkakaroon ng *antibodies*, na nagbibigay sa kanya ng *immunity* o panlaban sa virus.



### Ano ang ginagawa ng Doctors Without Borders para tugunan ang tigdas?



Mula 2006, 28 milyong bata na ang nabukanahan ng *Doctors Without Borders* kontra tigdas. Taon-taon ay may kampanya sa pagbabakuna sa iba't ibang bansa tulad ng Democratic Republic of Congo at Central African Republic.

Nagsusumikap din ang *Doctors Without Borders* na tugunan ang *outbreak* ng tigdas sa Chad, Niger, Nigeria at Bangladesh. Ang mga *outbreak* ay pinapalala ng mahinang sistema ng pampublikong pagbabakuna at di malawak na sakop ng binabakuna. Kasama na rito ang mga lugar ng hidwaan, at ang mga siksikang tirahan, tulad ng kampo para sa *refugees*.

MEDECINS SANS FRONTIERES
DOCTORS WITHOUT BORDERS

@msf.philippines
@msf.philippines
@msf_seasia

*Kung gusto mong matuto pa tungkol sa hepatitis C at iba pang mga nakakahawang sakit, i-scan lang ang QR code!*

Website: doctorswithoutborders-apac.org/ph